# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## *bagong henerasyon* pundasyon ng masaganang hinaharap

ISSN 2507-8933

Tomo 6, Blg. 4 | 2021
Pang-apat na Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

PATNUGUTAN

Tomo 6, Blg. 4 | 2021
Pang-apat na Isyu

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** CHAMANEI C. ELIAS
**Manunulat** DINE YVE D. DAGANOS, MA. CECILIA C. IRANG, CHAMANEI C. ELIAS, KHRIZIE EVERT M. PADRE
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHAMANEI C. ELIAS, DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Tel. No: +63 044 456-0734 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pccoed2021@gmail.com **MANILA LIAISON OFFICE** 2nd Floor IEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Telefax: +63 02 8 921-3863 E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** +63 077 792-3187 • 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** +63 078 377-9315, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09209829666, pccdmmmsu2020@gmail.com • **PCC at CLSU** +63 044 940-3061 • 09175663278, pccclsu@gmail.com • **PCC at UPLB** +63 049 536-2729, 09157144314, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 053 563-7649 • 09171454772, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 033 323-4781 • 09999916115, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09190068392, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** 09971117680, 09451193998, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09101795905, 09067260979, pcc_mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719, 09666456292, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872 • 09206219722, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


3 Millennial, bumibida sa pagkakalabawan

6 Kalabaw: simbolo ng lakas, sipag, at galing ng magsasakang Pilipino



10 Sa pagkakalabaw: Sir, yes, sir!

14 Pag-asa't pagbangon sa pagkakalabawan

16 Gatas ng kalabaw cake tampok na produkto ng Ka Tunying's Café





**PALIWANAG SA PABALAT**

Para kay Domingo Astillero Jr., 24, mula Guinobatan, Albay, ang pagsasaka ay hindi lang para sa pagpapabuti ng kabuhayan kundi isang makabuluhang kasanayan.

Hindi maipagkakaila na mas pinaigting ng pandemyang ating kinakaharap ang pangangailangan sa mga produktong agrikultura. Nais maipaunawa ni Astillero sa ibang kabataan na mahalaga ang papel nila upang mapanatili ang seguridad sa pagkain ng mga susunod na henerasyon.

(LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**)



# *Millennial* bumibida sa pagkakalabawan

NI **DINE YVE DAGANOS**

Masaya at makabuluhan kung ilarawan ni Domingo Astillero Jr. o kilala rin sa tawag na "Doming" ang pagpasok niya sa industriya ng pagkakalabawan at pagsasaka. Bilang kampeon ng agrikultura at pagkakalabawan sa edad na 24, binibigyang bagong hubog ng binata ang pananaw ng maraming kabataan ngayon tungkol sa pagsasaka.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA





Ipinakita sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong taong 2018, na ang karaniwang edad ng mga magsasaka sa bansa ay nasa




Mapa-millenial (1981-1996) man o Gen Z (1997-kasalukuyan), marami sa mga kabataan ay unti-unting lumalayo ang loob sa pagsasaka dahil sa tradisyonal at matrabaho nitong proseso. Sa halip, mas pinipili nilang lumuwas ng lungsod upang doon maghanap ng pangkabuhayan. Sa katunayan, ipinakita sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong taong 2018, na ang karaniwang edad ng mga magsasaka sa bansa ay nasa 55 taon.

Samantala, ang isang kabataan mula sa Malobago, Guinobatan, Albay ay pinili ang kanayunan at niyakap ang pagsasaka makaraan ang pagtatapos niya ng Bachelor of Science in Education-major in Mathemathics sa Bicol College. Hangad din kasi ni Doming na matulungan ang mga magulang lalo na at may edad na ang mga ito.

Si Doming ang bunso sa apat na magkakapatid. Maliban sa kaniya, lahat sila'y lumuwas sa Maynila upang doon maghanap-buhay at kalaunan ay bumukod noong nagkaroon na sila ng kani-kanyang pamilya. Ayon sa ilang taong nakakikilala sa kaniya sa kanilang lugar, hindi nila inaasahan ang pagkukusa ng binata na manatili sa probinsya upang pangasiwaan ang mga gawain sa bukid.

Dahil sa ipinamamalas niyang sigasig sa industriya, isa siya sa mga inanyayahan ng barangay upang lumahok sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP), isang learning series na ipinapatupad ng Department of Agriculture (DA)-Philippine Carabao Center (PCC). Sa tulong na rin ng barangay ay ipinagkatiwala sa kanya ang dalawang dairy buffalo bilang loan mula sa DA-PCC ilang buwan lang matapos ang nasabing pagsasanay.

### Ano ang FLS-DBP?

Ang FLS-DBP ay bahagi ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB)– Karbawan na binubuo ng dalawang province-wide Carabao-based Enterprise Development projects. Ito ang Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Ang FLS-DBP ay isa sa mga pagsasanay na ginagawa sa ilalim ng CBIN.

"Dahil sa training na ito marami kaming natutunan, ngayon ina-apply na namin nang paunti-unti. Dahil kulang pa ang budget, paunti-unti lang ang pagpapatayo namin ng building. Iyong building diyan hindi pa kumpleto pero sisikapin po namin para sa susunod na pagbisita ninyo dito ay meron na kaming gatasan o di kaya'y may gatas na iyong mga kalabaw namin," paninigurado ni Doming.

### Pakikipagsapalaran sa dairy industry

Hindi na bago sa pag-aalaga ng kalabaw ang pamilya nina Doming. Dati na rin silang mayroong native na kalabaw subali't sa pag-aararo lamang nila ito napakikinabangan. Katuwang nila ang mga ito sa kanilang pagtatanim ng palay, mais, at mani.

"Wala kaming ideya noon na pwede palang gatasan ang kalabaw," paglalahad ni Doming.

Aniya pa, hindi biro ang pagsasaka. Matrabaho ito at nangangailangan ng matinding pagsisikap. Isa pa, ilang buwang paghihintay ang pagdadaanan bago makapag-ani. Isa ito sa mga dahilan kung bakit naisipan ng binata na pumasok sa pagkakalabawan bilang pandagdag kita. Malaki rin ang pasasalamat niya sa programa ng DA-PCC lalo na at nagkataong mayroong pandemya at pahirapan ang paghahanapbuhay.

Kasalukuyan pa lang na inaayos ang plano ng binata na milking facility para sa kanilang mga kalabaw. Hangad din niya na palaguin pa ang lokal na paggagatasan sa kanilang bayan sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga dairy buffaloes.

### Ang pagsasaka bilang isang sustainable industry

Para sa binatang magkakalabaw, ang pagsasaka ay hindi lang para sa pagpapabuti ng kabuhayan kundi isang makabuluhan at laging napapanahon na kasanayan na natutunan niya mula sa kanyang mga magulang.

"Doon naman talaga ang hilig ko, masaya ako sa pagsasaka at bukod sa kumikita ka ikaw lang ang boss at nakatutulong ka pa sa kabuhayang pinagsumikapan ng mga magulang mo," ani Doming.

Batid din ng binata ang pinagdadaanan ng maraming kabataan ngayon dahil sa epekto ng pandemya.

"Humanap kayo ng mga bagay na kaya ninyo at pwede ninyong pagkakitaan. Katulad ko, naghanap ako ng trabaho kung saan magiging masaya ako kapag ginagawa ko at doon ko 'yon nakukuha sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop. Subukan ninyo ang pagsasaka at pag-aalaga ng hayop dahil marangal ito at ligal pa. Ito ang trabaho na marami ang natutulungan," ani Doming.

Hindi maipagkakaila na isa sa mga pangunahing tinututukan ng gobyerno ngayong pandemya ay ang kalidad ng mga produktong pagkain. Ang kasalukuyang krisis na ating kinakaharap ay mas lalo pang pinahigpit ang pangangailangan sa mga produktong agrikultura. Ito at ang patuloy na banta ng pagbaba ng bilang ng mga magsasaka sa bansa ay palatandaan lamang na kinakailangan natin ng agarang pagkilos upang mas lalo itong palakasin.



# KALABAW:

## simbolo ng lakas, sipag, at galing ng magsasakang Pilipino

NI **MA. CECILIA IRANG**



Kung ilalarawan ang isang magsasakang Pilipino ay hindi na nakapagtatakang mababanggit din ang numero uno nitong kaagapay—ang kalabaw, na sa mahabang panahon ay patuloy na ipinamamalas ang likas na galing at hindi matatawarang lakas partikular na sa pagsasaka.

***Karyada*** ang tawag sa trabaho tuwing anihan na kung saan ang mga saku-sakong palay mula sa bukid ay hinahakot at dinadala sa giikan o sa isang bakanteng lugar. Ito ay isinasagawa ng kinontratang grupo ng magsasaka o karyador na kumikita batay sa kada sako ng palay na dinala.

Tinaguriang "farmer's best friend", ang kalabaw ay isa sa mahalagang pundasyon na inaasahan sa sakahan. Ito ay katuwang ng mga magsasaka sa pagprodyus ng mga pangunahing pagkain ng mamamayan.

Bagama't laganap na ang modernisasyon sa pagsasaka, marami pa ring mga magsasaka ang gumagamit ng kalabaw. Base sa datos ng Philippine Statistics Authority noong nakaraang Hulyo, ang kabuuang imbentaryo ng kalabaw sa bansa ay 2.85 milyon na kung saan, batay sa pag-aaral, 65% hanggang 70% dito ay ginagamit sa pagsasaka at mga kaugnay na gawaing pambukid.

Pangsuyod, pang-araro, pambungkal ng lupa, at panghila ng kaban ng palay at iba pang tanim, ang ilan lamang sa mahahalagang gampanin ng kalabaw sa pagsasaka. Higit din na malaki ang naitutulong nito sa dukit o ang tawag sa pag-aararo na hindi abot ng hand tractor dahil sa dike o mga harang na itinayo para maiwasan ang pagbaha sa sakahan.

Gamit ang angkin nitong lakas, ang kalabaw ang bida sa trabahong-bukid kabilang ang karyada.

Karyada ang tawag sa trabaho tuwing anihan na kung saan ang mga saku-sakong palay mula sa bukid ay hinahakot at dinadala sa giikan o sa isang bakanteng lugar. Ito ay isinasagawa ng kinontratang grupo ng magsasaka o karyador na kumikita batay sa kada sako ng palay na dinala.

### Karyada x kalabaw

Sa bayan ng Sto. Domingo sa Nueva Ecija, isang grupo ng karyador ang abalang hinahakot at isinasakay sa kariton ng kalabaw ang mga kaban ng palay mula sa gitna ng bukid habang nagbabadya ang ulan.

"Kailangan naming magmadali na maiahon ang naaning palay para hindi abutan ng malakas na ulan," wika ni Ka Neme habang hinihila ang alaga niyang mestisong kalabaw.

Si Nemensio Jimenez o Ka Neme, 58, ng barangay Malayantoc, ang nagpaunlak na magbahagi ng kanilang kwento nang bisitahin namin ang bukid kung saan sila nakaiskedyul na magkaryada. Siya ay isang kabisilya o lider ng anim na karyador.

Sa araw na iyon, nasa kabuuang 80 sako ng palay ang kanilang nahakot mula sa isang ektaryang bukid. Ang upa sa kanila para sa bawa't sakong nahakot ay PHP10 hanggang PHP15 depende sa layo ng pagdadalhan.

"Pantay-pantay ang hatian namin sa kabuuang kita namin sa pagkakaryada. Kapag tag-ulan, kumikita kami ng tig PHP15,000 hanggang PHP18,000 sa isang cropping season. Kapag tag-araw naman ay mas malaki ang kinikita namin dahil umaabot kami ng tig PHP30,000 kapag anihan," kwento ni Ka Neme.

Ipinagmamalaki rin niya ang pambihirang lakas ng alaga niyang crossbred sa paghila ng kariton na lulan ang 15 hanggang 20 kabang palay kapag matigas ang lupa at walo hanggang 10 naman kapag malambot o maputik ang daanan.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



Ayon kay Ka Neme, maraming kakayahan ang kalabaw sa pagsasaka na hindi kayang pantayan ng makinarya katulad na lamang ng dukit, pagsisibar ng punla o pagkakadkad, paglilinang at pagpapatag sa pinitakan.

"Mahihirapan ang makinarya lalo na kapag tag-ulan at grabe ang putik sa daan, may tendency na mabalaho ito pero ang kalabaw kahit gaano pa kalalim ang putik kayang-kaya niyang umahon. Hindi pa magastos ang pagmementena sa kalabaw 'di gaya ng makina na kailangan mo pa ng gasolina para mapakinabangan mo," paliwanag niya.

Masayang ibinahagi ni Ka Neme na malaki ang naitulong ng pagkakaryada sa pamumuhay ng kanilang pamilya, na aniya ay apat na dekada na niyang hanapbuhay.

"Proud akong sabihin na malaki ang kontribusyon ng trabahong ito para mapagtapos ko ang aking panganay, mapag-aral ko ang dalawa ko pang anak, at makapagpatayo kami ng bahay," nakangiting sambit niya.

Para naman kay Mark Kenneth Gaboy, 27, isang karyador mula sa barangay Gulod sa Talavera, itinuturing niyang pangarap na natupad ang pagkakaroon niya ng crossbred na kalabaw, na ipinaalaga sa kanya ng kanyang tiyahin.

"Marami po sa lugar namin na ang pinagkakakitaan ay ang pag-aalaga ng kalabaw at pagkakaryada. Karamihan po ay doon talaga umaasa. Kaya po para sa'kin na hindi nakapagtapos ng pag-aaral, itong kalabaw po ang nakikita kong makatutulong sa pinansyal naming pangangailangan," ani Mark.



"Marami po sa lugar namin na ang pinagkakakitaan ay ang pag-aalaga ng kalabaw at pagkakaryada. Karamihan po ay doon talaga umaasa. Kaya po para sa'kin na hindi nakapagtapos ng pag-aaral, itong kalabaw po ang nakikita kong makatutulong sa pinansyal naming pangangailangan".

**MARK KENNETH GABOY**
Karyador



Pangalawa sa limang magkakapatid, si Mark na ang tumayong "bread winner" ng pamilya simula nang pumanaw ang kanyang ama at nag-asawa ang panganay na kapatid.

Karyada ang pangunahin nilang pinagkukunan ng kita. Mula sa gawaing ito ay karaniwang sumusweldo si Mark ng PHP15,000 sa loob ng 28 araw. Kung hindi naman panahon ng anihan ay nakikibilad siya ng palay at nakikitanim ng pakwan. Kung minsan naman ay ginagamit niya ang talento niya sa pagkanta at sumasideline sa isang recording studio sa kanilang lugar.

Batid ni Mark ang banta ng modernisasyon sa pagsasaka na kung saan ang halaga ng kalabaw sa bukid ay unti-unting binabawasan ng mga makina.

"Kung sa hinaharap po ay puro makina na ang gagamitin nila, paano naman po kaming mga maliliit na magsasaka na dito lang umaasa? Pero magaling po talaga ang Panginoon dahil hindi Niya hinayaan na lahat ay magagawa ng makina kaya kakailanganin pa rin ang mga kalabaw," pagtatapos ni Mark.

Sina Ka Neme at Mark, magkaibang henerasyon ng magsasakang Pilipino, ay ilan lamang sa buhay na patotoo na ang lakas-kalabaw ay nananatiling matibay na sandigan ng mga masasaka mula noon hanggang ngayon.

**15,000**
karaniwang sweldo sa pagkakaryada sa loob ng 28 araw

"Mahihirapan ang makinarya lalo na kapag tag-ulan at grabe ang putik sa daan, may tendency na mabalaho ito pero ang kalabaw kahit gaano pa kalalim ang putik kayang-kaya niyang umahon. Hindi pa magastos ang pagmementena sa kalabaw 'di gaya ng makina na kailangan mo pa ng gasolina para mapakinabangan mo".

**NEMENSIO "KA NEME" JIMENEZ**
Kabisilya



# Sa pagkakalabaw: SIR, YES, SIR!

NI **CHAMANEI ELIAS**

Si Sir Jay 'pag trabaho, trabaho talaga. Tatawagan niya ako 'pag naglalandi ang mga kalabaw niya. Magkapitbahay lang kami kaya susunduin niya ako kahit madilim na. Ang dala ko AI gun, siya totoong baril."




Ganito pabirong isinasalarawan si Colonel Jay Pascua (Retired) ng isang suking AI technician sa kanilang lugar. Si Jay, 49, ay isang kareretirong sundalo na nagpasyang magfocus sa pagkakalabaw.

Ang disiplina at dedikasyong nakasanayan niya bilang dating kasapi ng militar ay nadala niya sa pamamahala ng kanyang negosyong kalabawan. Kasalukuyan niyang ipinupundar at tinututukan ang pagpapaayos sa kanyang farm at milking area para sa 32 na alagang kalabaw na karamihan ay crossbred, apat ang native, tatlo ang kapapanganak at may tatlong bulo.

Puspusan ang pagsasaayos niya ng kanyang bukid dahil nakaplanong maging supplier siya para sa milk feeding program na ipapatupad ng DepEd Albay, DSWD, at LGU Albay sa susunod na taon.

### Tatlong "K" na hangarin ni Jay

Aniya, kung noon ang misyon niya ay pangalagaan ang kapayapaan, ngayon nama'y kabuhayan at kalusugan ang kanyang sinusubukang palaganapin.

"Gusto ko naman ngayon na makatulong sa kabuhayan ng mga tao dito sa amin. Hindi na ako kumukuha ng tao sa ibang lugar. 'Yong mag-aamang tauhan ko ngayon taga rito," sabi ni Jay.

Pinagawan niya rin ng tulugan ang kanyang mga tauhan sa mismong bukid upang madaling masubaybayan ang mga kalabaw.

Hindi maikakailang isang dating sundalo si Jay dahil sa madetalye niyang pagpaplano at pagbabantay sa kalusugan at kaligtasan ng mga kalabaw pati na ang mga tagapag-alaga nito. Ang kulungan kasi ng kanyang mga kalabaw at kampo ng mga tagapag-alaga ay nasa pinakasentro ng bukid kung saan pahirapan ang pagpasok ng mga materyales.

Dagdag pa niya, "Narealize ko rin na hindi naman pala basta-basta ang pagkakalabaw. Kailangan kong bantayan ang magandang kalusugan ng mga kalabaw para masiguro ang supply ng gatas para sa programang milk feeding ng gobyerno."

Nguni't bago pa man siya napiling kaakibat sa pagpapatupad ng milk-feeding program, dati na rin talaga siyang namuhunan sa pagkakalabaw.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

> "Narealize ko rin na hindi naman pala basta-basta ang pagkakalabaw. Kailangan kong bantayan ang magandang kalusugan ng mga kalabaw para masiguro ang supply ng gatas para sa programang milk feeding ng gobyerno."
>
> **JAY PASCUA**
> Colonel (retired)/ Carapreneur

“Nag-enroll ako last year sa FLS-DBP sa Camalig in preparation sa plano kong pagreretiro noon. Habang tinatapos ko ang serbisyo ko, nagfile ako ng leave para naman maka-attend sa training. Nadevelop lalo yung interest ko na magparami ng kalabaw”.





### Unang karanasan

“Tatay ko talaga ang nag-encourage sa akin sa pagkakalabaw. ‘Nung bumisita kami sa farm ni Ronald Pacson sa Barangay Caudillo doon ko nakita na maganda naman ang resulta ng effort nila sa pagkakalabaw. Naghanap agad kami ng mabibilhan. Nasa serbisyo ako noong mga panahong iyon kaya nung nag-invest ako hindi ko inisip na para sa akin. Masaya lang ako na alam kong may libangan ang mga magulang ko,” ani Jay.

Tubong Cabanatuan City, Nueva Ecija si Jay. Nagsimula ang kanilang pagkakalabaw taong 2011 sa San Josef Sur, Cabanatuan City. Pinangalanan nilang Rosing ang una nilang nabiling kalabaw at Rosenda naman sa naging anak nito.

“Yung mga kalabaw namin nasanay na napapaliguan sa ilog, itinatali na lang sa gilid tapos lulusong para mapaliguan. Ang problema namin nababaha ‘yong lugar. May dalawa akong buntis na kalabaw noon, yung mga anak ni Rosing at Rosenda, at isang bulo na nalunod,” pagkukuwento ni Jay.

Ayon pa kay Jay, tumatagal ng ilang araw ‘pag nalulubog sa baha ang kanilang lugar at higit isang buwan na walang sapat na makakain sa kanilang lugar kaya napipilitan siya noon na maghire ng truck para ilipat ang mga kalabaw sa Palayan City, Nueva Ecija.

Kahit hindi naging maganda ang takbo ng negosyo sa unang subok ni Jay hindi pa rin niya tuluyang tinalikuran ang pagkakalabaw. Pagkalipas lang ng limang buwan matapos malunod ang tatlo niyang kalabaw, napagpasyahan ni Jay na sumugal ulit sa pagkakalabaw. Ang ipon niya ay ibinili pa ulit ng mga mas magagandang lahi ng kalabaw.

### Panibagong oportunidad

Sa ilang taon niya sa serbisyo, nakapangasawa si Jay ng isang Bicolana. Nakita niya rin ang oportunidad upang ipagpatuloy ang pagkakalabaw sa bayan ni misis sa Albay. Dito na rin sila nanirahan kasama ang limang taong gulang na anak.

“Dito ko na rin naisipang ipagpatuloy ang pagkakalabaw kasi siguradong maaasikaso ‘yong mga kalabaw as to security and safety. Noong may nalaman ang biyenan kong ibinebentang murang lupa, sumugal ulit ako,” pahayag ni Jay.

Sa ngayon, mahigit 20 ektarya ang lupa ni Jay sa Barangay Abella, Ligao City, Albay. Balak niyang magparami ng mga pakain sa kalabaw gaya ng napier, mulberry at madre de agua.

Ngayong taon, nakapagtapos siya sa Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na sama-samang programa ng DA-Philippine Carabao Center (PCC) sa University of the Philippines Los Baños (UPLB), Provincial Veterinary Office ng Albay, at Gubat St. Anthony Cooperative (GSAC).

“Nag-enroll ako last year sa FLS-DBP sa Camalig in preparation sa plano kong pagreretiro noon. Habang tinatapos ko ang serbisyo ko, nagfile ako ng leave para naman maka-attend sa training. Nadevelop lalo ‘yong interest ko na magparami ng kalabaw,” ani Jay.

Ayon kay Jay, malaking tulong ang programa sa pagsasaayos ng kanyang pagkakalabawan mula sa pabahay, pakain, at paggagatas.

Sa kasalukuyan, natapos na ang ipinatatayo niyang kural ng mga kalabaw. Kasunod niyang inaasikaso ang pagpaparami ng pakain at pagbabakod sa paligid ng kanyang bukid.

“Kulang pa ang mga pakain para sa mga kalabaw pero nagagawan naman ng paraan. Buti na lang at malapit kami sa PCA (Philippine Coconut Authority) kaya doon muna kami kumukuha ng mga pakain. Every after three days ay bumibiyahe kami para kumuha ng damo, kailangan na marami kaming makuha para sulit din ang krudo,” ani Jay.



Naubos man ang ipon niya noong siya’y nag-uumpisa pa lang, buo pa rin ang loob niyang ipagpatuloy ang pagkakalabaw.

“Maraming challenges sa pagkakalabaw. Problema sa tao at financial resources pero tulungan lang talaga. Sa ngayon, hindi ko pa talaga kayang kumpletuhin lahat ng mga kailangan para sa paggagatas ko pero sa tulong ng DA-PCC at mga partners nito, makikita ko rin ang bunga ng pagsisikap ko,” positibong sabi ni Jay.

Sa ngayon, mahigit **20** ektarya ang lupa ni Jay sa Barangay Abella, Ligao City, Albay. Balak niyang magparami ng mga pakain sa kalabaw gaya ng napier, mulberry at madre de agua.

# Pag-asa't pagbangon sa pagkakalabawan

NI **DINE YVE DAGANOS**

Naging malaking hamon sa hanapbuhay ng marami ang pagdating ng pandemya. Maraming mga negosyo ang tuluyan nang nagsara, samantalang ang iba ay naghihintay at umaasa na babalik sa dati ang takbo ng negosyo. Meron din namang ilan na matapang na nakikipagsabayan sa alon ng "new normal".

Dating namamahala ng Restaurant si Elpidio o "Dong" Manaloto Jr. sa sentro ng Angeles City sa Pampanga. Dahil nga sa pandemya, naging matumal ang kita bunga ng travel restrictions na ipinatutupad ng mga awtoridad sa lahat ng pagkilos sa mga pampublikong lugar. Napilitan si Dong na ipasara ang kanyang negosyo subali't hindi siya tumigil na maghanap ng iba pang paraan para kumita.

Sa pagkakalabawanan nahanap ni Dong ang potensyal na kumita. Kambingan ang dating negosyo ng pamilya kung kaya't wala pa silang kasanayan sa pagkakalabaw nguni't masigasig niya itong pinag-aralan at nakitang mainam itong pagkakitaan sa kabila ng pandemya.

Pinaghandaan ni Dong ang proyektong ito at gumawa ng sarili niyang pananaliksik ukol sa kalakaran ng pagkakalabaw. Sa katunayan ay mayroon siyang sariling sistema na sinusunod sa bawa't proseso ng kanyang operasyon.

Mula sa preparasyon ng pakain para sa mga kalabaw, si Dong mismo ang naghahanda ng mga sangkap na gagamitin. Ang mga halamang napier at mais na galing din sa kanyang sakahan ay ginagamitan ng chopper at hinahaluan ng molasses, asin, soya, rice bran (second class) o D2, at grower concentrate. Ayon sa kaniya, mainam itong paraan ng paghahanda ng pakain upang madaling kainin ng mga kalabaw at nang gayundin ay pwede itong itabi upang mapakinabangan sa susunod pang mga araw o di kaya ay para ibenta.

Dati na ring gumagawa ng silage si Dong noon pang 2011 na siyang ipinapakain nila sa mga alagang kambing. Bago ang pagsasaayos ng kanyang pasilidad, una niyang pinagtutuunan ng pansin ang pag-iimbak ng pakain para sa mga kalabaw. Ayon sa kaniya, mahalagang masiguro ang masaganang supply ng pagkain para sa mga hayop kaya naman nagkaloob siya ng sapat na lupang sakahan para rito. Bilang dagdag kita ay plano niya rin gawing pang-commercial ito para sa mga magsasaka mula sa mga karatig barangay. Nais niya itong umpisahan ngayong Disyembre.

Bukod sa dairying, nais din ni Dong na pumasok sa meat production. Bilang dating restaurant operator, batid niyang maganda ang kitaan sa pagbebenta ng karne ng kalabaw sa palengke. Ayon sa kaniya, mababa ang bili ng mga storeowner mula sa trader subali't malaki ang dagdag nilang patong kung ibebenta na nila ito sa merkado. Mas mainam para sa kaniya kung direkta ang pagsupply sa mga kostumer para mabili nila ang karne sa mas mababang halaga.

Sa kasalukuyan, nasa 147 na ang bilang ng kalabaw ni Dong. Aniya, may ilang kakilala siya na nagsasabing pahamak ang ginawang hakbang dahil sa laki ng puhunan. Subali't nang makita nila ang kaayusan sa pasilidad na ipinundar niya, tila nakita rin nila ang magandang kahihinatnan ng pinasok na negosyo ni Dong.

Dahil dito, isa siya sa mga nabigyan ng parangal bilang Outstanding Dairy Buffalo Farmer sa ilalim ng commercial category ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) kasabay ng pagdiriwang nito ng National Carabao Conference noong nakaraang Oktubre.

Ang pinasok ni Dong na kabuhayan ay pagkakakitaan ding natagpuan ng 16 katao na nawalan ng trabaho noong nagkapandemya. Nagsilbi na rin itong magandang training facility sa isa pang katuwang niya na nakapagtapos kamakailan lang sa kursong animal science. Sa pasilidad din na ito niya patuloy na napaghuhusay ang kaalaman sa artificial insemination.

Bagama't nagsisimula pa lang ay buo ang loob ni Dong sa magiging resulta ng kanyang naging pagpapasya.

"Ang tao ang sinusundan niya ay sistema at programa. Kaya sabi ko nga iyong programa ng PCC yayakapin po namin 'yan kasi alam kong kahit hindi pa namin nagagawa ang lahat kasi nag-uumpisa pa lang, pero may tiwala po kami sa programa ninyo at alam namin kung saan kami nito dadalhin," ani Dong.

Bukod sa malaking tiwala sa nasalihang programa ng gobyerno, nais din ni Dong na magsilbing patunay sa iba pang magsasaka na totoong maganda ang kita sa pagkakalabawan. Balang-araw, gusto niyang makapagbalik sa tulong na ito ng gobyerno sa pamamagitan ng pagtulong din sa kapwa at pananatiling matapat sa naipagkatiwala sa kanyang kabuhayan.



Mula sa preparasyon ng pakain para sa mga kalabaw, si Dong mismo ang naghahanda ng mga sangkap na gagamitin. Ang mga halamang napier at mais na galing din sa kanyang sakahan ay ginagamitan ng chopper at hinahaluan ng molasses, asin, soya, rice bran (second class) o D2, at grower concentrate.







"Ang tao ang sinusundan niya ay sistema at programa. Kaya sabi ko nga iyong programa ng PCC yayakapin po namin 'yan kasi alam kong kahit hindi pa namin nagagawa ang lahat kasi nag-uumpisa pa lang, pero may tiwala po kami sa programa ninyo at alam namin kung saan kami nito dadalhin".

**ELPIDIO"DONG" MANALOTO JR.**

Carapreneur

# Gatas ng Kalabaw cake

## tampok na produkto ng Ka Tunying's Café

NI **KHRIZIE EVERT PADRE**



Ang gatas ng kalabaw ay hindi lamang masustansyang inumin, ito ay nagpapasarap din sa anumang pagkain. Kumpara sa ibang gatas, ito ay mas makrema at malinamnam.

Sa paggawa ng mga panghimagas, isa ang gatas ng kalabaw sa mga sangkap na maaaring makapagpasarap pa rito. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center, mas pinasasarap pa ng gatas ng kalabaw ang anumang pagkain dahil sa mataas na fat at protein content na taglay nito.

Nguni't para kay Anthony Taberna, Jr. o mas kilala sa tawag na Ka Tunying na isang batikang broadcast journalist, ang gatas ng kalabaw, bukod sa sustansyang dulot nito, ay may mahalagang kwento at kahulugan sa kanilang buhay simula noong kanyang pagkabata pa.

Pang-apat sa pitong magkakapatid, si Ka Tunying ay ipinanganak sa San Antonio, Nueva Ecija.  Bagama't sila ay maituturing na lumaki sa pagsasaka, wala naman silang maituturing na sariling lupang sinasaka.

"Sa probinsya ng Nueva Ecija, kapag ikaw ay isang magsasaka ay nagmamay-ari ka ng kalabaw. Kami ay lahi ng magsasaka nguni't hindi katulad ng ibang magsasaka na nakatira halos sa bukid. Ang tatay ko na si Anthony Taberna Sr., isang bus driver, ay naisipang magsaka. Nagsimula siya sa pagsasaka sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga sanlang bukid tuwing anihan," pagkukwento ni Ka Tunying.

"Di' kalaunan ay nakatanggap kami ng lalake at babaeng kalabaw mula sa Carabao Dispersal Program sa aming bayan. Ang bulugan ay pinangalanan naming "Robot" habang ang babaeng kalabaw naman ay "Nora". Noong ito ay nagkabulo, tinawag naman namin itong "Matet". Simula noon ay araw-araw namin itong ginagatasan. Kapag hindi naibebenta, ang gatas ay inuulam namin sa umaga," aniya pa.

"Dati ang konting kanin, asin at gatas ng kalabaw ay okay na. 'Pag medyo sosyal ay may katambal na tuyo. Kasabay ng bagong saing na kanin, ibabahog namin ang gatas ng kalabaw habang kumakain ng tuyo. Kahit dito na kami naninirahan sa Maynila ay hindi maaaring hindi kami magpapaluwas ng gatas ng kalabaw mula sa probinsya. Sinasanay na rin namin ang aming mga anak sa pagkain nito," dagdag pa niya.

### Tatak Novo Ecijano

Nagsimula ang kanilang negosyo sa paggawa ng tinapay sa isang maliit na panaderya lamang sa Nueva Ecija na nakilala sa tawag na Tunying's Kape, Tinapay, Atbp at kalaunan ay naging Tunying's Bread. Ipinangalan ito sa kanyang yumaong ama na si Anthony

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

"Dati ang konting kanin, asin at gatas ng kalabaw ay okay na. 'Pag medyo sosyal ay may katambal na tuyo. Kasabay ng bagong saing na kanin, ibabahog namin ang gatas ng kalabaw habang kumakain ng tuyo. Kahit dito na kami naninirahan sa Maynila ay hindi maaaring hindi kami magpapaluwas ng gatas ng kalabaw mula sa probinsya. Sinasanay na rin namin ang aming mga anak sa pagkain nito".

**ANTHONY "KA TUNYING" TABERNA, JR.**
Broadcast Journalist/Carapreneur





“Dito sa Maynila, ang dami talagang may gusto ng gatas ng kalabaw kung kaya naman noong ipinakilala na namin ang gatas ng kalabaw cake ay talaga namang pumatok agad...Ito ay pre-order lamang dahil na rin sa availability ng gatas na advanced naming inoorder sa aming supplier”.

Taong 2015, naitatag ang kauna-unahang Ka Tunying's Café sa Visayas Avenue, Quezon City. Ito ay isang casual na tambayan at restaurant in one. Feel at home ang ambience at pawang tradisyunal at mga paboritong lutong-bahay na putahe ang itinampok sa kanilang menu na mas lalong pinagbuti at binigyan ng “twist” ang karaniwang Pinoy cuisine.

Taberna, Sr. bilang pagpupugay dito. Ang bakeshop ay naging tampok na panaderya sa kanilang bayan. Higit na nakilala ito dahil sa kanilang mga sikat na produkto tulad ng chocolate crinkles at Spanish bread. Dahil na rin sa tumataas na demand ng Tunying's bread ay nagdesisyon ang mag-asawang Anthony at Roselle Taberna na palaguin at iangat pa ang kanilang bakeshop business.

Kabilang sa kanilang mga dinalang produkto na mula pa sa Nueva Ecija ay ang sikat na Bototay longanisa ng Cabanatuan na isa sa kanilang signature breakfast meal. Tampok din ang mga paboritong putahe ng pamilya tulad ng arroz caldo o KT's Arroz a la Tunying na isa rin sa mga bestsellers. Matitikman din ang Pancit ni Nanay Benny at paboritong comfort food ng kanyang asawa na si Roselle, ang ukoy.

Isa rin sa kanilang special offering tuwing weekend ay ang gatas ng kalabaw sa kanilang mga customers. Ito ay ang pagbabahog ng gatas ng kalabaw sa bagong lutong kanin na ipinauso sa kanilang restaurant. Ang sariwang gatas ay mula pa sa San Mariano, San Antonio, Nueva Ecija.

Ang bagong kulektang gatas ng kalabaw ay isinasakay sa unang luwas ng bus pa-Maynila tuwing weekend at inaabangan na lamang ang pagdating nito sa Maynila. Dumami ang kanilang parukyano na nakagusto nito na kahit hindi weekend ay hinahanap-hanap na rin.

“Noong umpisa ay naging okay naman kaya lang hindi siya naging sustainable dahil una 'yong presyo, availability at iyong iba gusto weekdays kaya hindi nagtuluy-tuloy. Gayunpaman, ay gumawa kami ng ibang paraan para maisangkap sa ating mga produkto ang gatas ng kalabaw. Sa tulong ng aming research and development team ay pinag-aralan namin kung saan pa pwedeng gamitin ang gatas ng kalabaw,” sabi ni Ka Tunying.

### Gatas ng kalabaw cake

Ang gatas ng kalabaw cake ay kabilang sa Ka Tunying's cake creations na may Pinoy-style flavors na patok sa mga mamimili.

“Dito sa Maynila, ang dami talagang may gusto ng gatas ng kalabaw kung kaya naman noong ipinakilala na namin ang gatas ng kalabaw cake ay talaga namang pumatok agad,” saad niya.

“Ito ay pre-order lamang dahil na rin sa availability ng suplay ng gatas na advanced namin inoorder sa aming supplier. May isang pagkakataon na may nag-bulk order na 40 piraso ng gatas ng kalabaw cake. Nasabi ko na lang na 'Naku! Kawawa ang kalabaw nito!',” nagbibirong sabi ni Ka Tunying.

Kasagsagan ng pandemya nang kanilang ilunsad ang produktong ito kung kaya't malaking tulong din sa mga maggagatas na hirap makapagbenta noon ng aning gatas. Galing pa ang suplay nila ng gatas sa San Antonio, Nueva Ecija.

### Mga hamon, payo at plano sa pagnenegosyo

“Apektado rin ang aming negosyo dahil sa pandemya pero unti-unti na tayong nakakabawi at naniniwala kami na malalagpasan din namin ang mga hamon na ito sa aming negosyo. Through product innovation and adapting our business operations to the current situation ay mas napagbuti pa nga namin ang aming pagnenegosyo,” ani Ka Tunying.

“Nag-venture kami sa online selling, inumpisahan namin ang reseller program at ang retail sa ilang supermarket,” aniya.

Ayon pa kay Ka Tunying, namuhunan na rin sila ng malaki sa personnel think-tank ng kumpanya para masiguro na de-kalidad at may mataas na standard ang mga produktong ihahandog nila sa mga kostumer. Ito'y habang sinasaliksik nila kung anong mga produkto pa ang papatok sa mga parukyano ng café.

“Gusto ko na may iba pang produkto ang mapaggamitan namin ng gatas ng kalabaw hindi lang sa cake. Kung may anumang suhestyon ang DA-PCC tungkol sa aspetong ito ay malugod naming tatanggapin,” pagtatapos ni Ka Tunying.

Ang gatas ng kalabaw cake ay kabilang sa Ka Tunying's cake creations na may Pinoy-style flavors na patok sa mga mamimili.



# OneDA

Ang OneDA ay isang pangkalahatang pamamaraan para sa pagpapalago ng agrikultura at pangisdaan upang umangkop sa moderno at industriyalisadong Agrikultura ng Pilipinas at makamit ang 2.5 porsyentong paglago sa sektor ng agrikultura.

Ito ay sa pamamagitan ng 18 estratehiya na pinagsisikapan ng mga kawani ng Department of Agriculture, regional offices, at mga kalakip na ahensya kabilang ang DA-Philippine Carabao Center.

## 18 ESTRATEHIYA

- BAYANIHAN AGRI CLUSTERS
- COLLECTIVE ACTION/ COOPERATIVES DEVELOPMENT
- PROVINCE-LED AGRICULTURE & FISHERIES EXTENSION SYSTEMS
- MOBILIZATION & EMPOWERMENT OF PARTNERS
- DIVERSIFICATION
- CREDIT SUPPORT
- TECHNOLOGY AND INNOVATION INCLUDING DIGITAL AGRICULTURE
- FARM MECHANIZATION & INFRASTRUCTURE INVESTMENTS
- CLIMATE CHANGE ADAPTATION & MITIGATION MEASURES
- FOOD SAFETY & REGULATIONS
- AGRI-INDUSTRIAL BUSINESS CORRIDORS
- GLOBAL TRADE, EXPORT DEVELOPMENT, & PROMOTION
- POSTHARVEST, PROCESSING, LOGISTICS, & MARKETING SUPPORT
- AGRICULTURE CAREER SYSTEM
- EDUCATION & TRAINING: AGRIBUSINESS MANAGEMENT
- YOUTH & WOMEN ENGAGEMENT
- EASE OF DOING BUSINESS & TRANSPARENT PROCUREMENT
- STRATEGIC COMMUNICATIONS

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.

### DA-PCC KNOWLEDGE PORTAL

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng ibat-ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

### DA-PCC VIRTUAL TOUR

Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang ibat-ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

